ARALIN 13

1. Ano ang ginawa ng Diyos pagkatapos sumuway sa Kanya sina Adan at Eva?
-Pagkatapos sumuway nina Adan at Eba, tinawag ng Diyos si Adan.

2. Tinawag ba ng Diyos si Adan dahil hindi Niya alam kung nasaan si Adan?
-Hindi.
-Alam ng Diyos ang lahat.
-Nakikita ng Diyos ang lahat.

3. Bakit tinawag ng Diyos si Adan?
-Nais ng Diyos na lumapit si Adan sa Kanya at ipagtapat ang kanyang kasalanan.
-Nais ng Diyos na lumapit si Adan sa Kanya at aminin na sinuway niya ang Diyos.
-Nais ng Diyos na lumapit si Adan sa Kanya at aminin na nakinig siya kay Satanas.

4. Paano pinarusahan ng Diyos ang ahas?
-Ang ahas ay dapat na gumapang gamit ang kaniyang tiyan.

5. Paano pinarusahan ng Diyos si Eba?
-Si Eba ay makararanas ng matinding sakit sa panganganak.

6. Paano pinarusahan ng Diyos si Adan?
-Si Adan ay magbubungkal ng lupa at magpapawis, upang magkakaroon ng kaunting makakain.
-Isinusumpa din ng Diyos ang kalupaan.



7. Ano ang mga palatandaan na isinumpa ng Diyos ang kalupaan?
-Maraming tinik at damo.
-Maraming tagtuyot at baha.
-Maraming makamandag na halaman at ahas.
-Kakagatin ng mga hayop ang mga tao.
-Ang mga tao ay dapat magsikap.
-Ang mga tao ay magkakasakit.
-Ang mga tao ay mamamatay.

8. Hindi nagtagal pagkatapos na parusahan ng Diyos sina Adan at Eva, ano ang ipinangako ng Diyos na gagawin?
-Hindi nagtagal pagkatapos na parusahan ng Diyos sina Adan at Eva, nangako ang Diyos na magpapadala ng Tagapagligtas.

9. Ano ang gagawin ng Tagapagligtas?
-Darating siya upang iligtas ang mga tao mula sa kapangyarihan ng kasalanan.
-Darating siya upang iligtas ang mga tao mula sa kapangyarihan ng kamatayan.
-Darating siya upang iligtas ang mga tao mula sa kapangyarihan ni Satanas.

10. Sino kaya ang magiging Tagapagligtas?
-Ang Tagapagligtas ay magiging Anak ng isang birhen.

11. Bakit nangako ang Diyos na ipapadala niya ang Tagapagligtas?
-Dahil mahal na mahal ng Diyos ang lahat ng tao.

12. Nararapat ba sina Adan at Eba sa pag-ibig ng Diyos?
-Hindi. Sina Adan at Eba ay karapat-dapat sa walang hanggang kamatayan.

-Ano ang ginawa nina Adan at Eba pagkatapos nilang sumuway sa Diyos?
-Gumawa sila ng mga damit na dahon.

-Bakit gumawa sina Adan at Eba ng damit na gawa sa dahon?
-Dahil sinubukan nilang itago ang kanilang kasalanan.

-May sinuman ba na makapagtatago ng kanilang kasalanan sa Diyos?
-Wala.

-Walang sinuman ang makapagtatago ng kanilang kasalanan sa Diyos.

-Subalit tinanggihan ng Diyos ang damit na gawa sa dahon na ginawa nina Adan at Eba.

-Bakit tinanggihan ng Diyos ang mga gimawang damit na dahon nina Adan at Eba?

-Hindi ba gusto ng Diyos ang mga dahon?
-Hindi.
-Ang Diyos ang lumikha ng mga dahon.

-Bakit tinanggihan ng Diyos ang mga damit na gawa sa dahon na ginawa nina Adan at Eba?

-Nais ng Diyos na turuan sina Adan at Eba na wala silang magagawa para maging katanggap-tanggap sila sa Diyos.

-Magagawa ba nating maging katanggap-tanggap sa Diyos sa pamamagitan ng mga damit na ating isinusuot?



-Hindi.

-Magagawa ba nating maging katanggap-tanggap sa Diyos sa pamamagitan ng ating gawa?
-Hindi.

-Hindi tatanggapin ng Diyos ang mga sumusunod sa kanilang sariling landas.

-Hindi tatanggapin ng Diyos ang mga pumipili ng kanilang sariling landas.

-Nais ng Diyos na sundan lamang natin ang landas ng Diyos.
-Nais ng Diyos na piliin lamang natin ang landas ng Diyos.

-Sino ang tangi at nag-i-Isa na nagawang maging katanggap-tanggap sa Diyos sina Adan at Eba?

-Ang Diyos.
-Ano ang ginawa ng Diyos para kina Adan at Eba?

Basahin natin ang Genesis 3:21

21-At iginawa ng Panginoong Diyos si Adan at ang kanyang asawa ng mga kasuotang balat at sila'y dinamitan.

-Gumawa ang Diyos ng mga damit na gawa sa balat ng hayop para kina Adan at Eba.

-Saan nakuha ng Diyos ang mga balat ng hayop?

-Pinatay ng Diyos ang mga hayop, at tinanggal ang mga balat.

-Bakit pinatay ng Diyos ang mga hayop para gumawa ng damit para kina Adan at Eba?

-Tinuruan ng Diyos sina Adan at Eva.

-Ano ang itinuro ng Diyos kina Adan at Eva?

-Na ang pagsuway ay nagdudulot ng kamatayan.
-Ang kasalanan ay nagdadala ng kamatayan.

-Na ang kaparusahan sa kasalanan ay kamatayan.

-Ang unang pisikal na kamatayan sa mundo ay ang pagpatay ng Diyos sa mga hayop.

-Kahit na ang pagsuway nina Adan at Eba ay karapat-dapat sa kamatayan, gumawa ang Diyos ng mga damit para sa kanila.

-Bakit gumawa ang Diyos ng mga damit para kina Adan at Eba?
-Dahil mahal ng Diyos sina Adan at Eba.

-Hindi sina Adan at Eba ang nagsuot ng kanilang mga damit.
-Ang Diyos ang nagsuot ng damit kina Adan at Eba.

-Bakit hindi pinahintulutan ng Diyos sina Adan at Eva na mismo ang magsuot ng damit?

-Itinuro ng Diyos kina Adan at Eba na ang Diyos lamang ang maaaring magkubli sa mga tao.

-Itinuro ng Diyos kina Adan at Eba na hindi Niya tatanggapin ang mga sumusunod sa kanilang sariling paraan.



-Itinuro ng Diyos kina Adan at Eba na hindi Niya tatanggapin ang mga taong pumipili ng kanilang sariling landas.

-Itinuro ng Diyos kina Adan at Eba na sunding tangi ang paraan ng Diyos.

-Itinuro ng Diyos kina Adan at Eba na piliin lamang ang landas ng Diyos.

-Ano ang ginawa ng Diyos pagkatapos na isuot ang mga damit nina Adan at Eba?

Basahin natin ang Genesis 3:22-23

22-Sinabi ng Panginoong Diyos, “Tingnan ninyo, ang tao’y naging parang isa sa atin, na nakakakilala ng mabuti at ng masama;  At ngayon, baka iunat ang kanyang kamay at pumitas din ng bunga ng punungkahoy ng buhay, at kumain, at mabuhay magpakailanman.”
23-Kaya’t pinalayas siya ng Panginoong Diyos sa halamanan ng Eden upang kanyang bungkalin ang lupaing pinagkunan sa kanya.

-Ang Diyos Ama, Diyos Anak, at Diyos Espiritu Santo ay nag-usap-usap tungkol kina Adan at Eba.

-Noon, mabuti lamang ang alam nina Adan at Eba.
-Ngayon, alam na nina Adan at Eba ang kasamaan.

-Noon, ang alam lamang nina Adan at Eba ay ang pagsunod.
-Ngayon, alam nina Adan at Eba ang pagsuway.

-Noon, sina Adan at Eba ay walang alam na kahihiyan.
-Ngayon, alam na nina Adan at Eba ang kahihiyan.

-Noon, buhay lang ang alam nina Adan at Eba.
-Ngayon, alam na nina Adan at Eba ang kamatayan.

-Dahil nagkasala sina Adan at Eba, pinaalis sila ng Diyos sa Hardin ng Eden.

Basahin natin ang Genesis 3:24

24-At kanyang itinaboy ang lalaki; at inilagay sa silanganan ng halamanan ng Eden ang mga kerubin at ang isang nagniningas na tabak na umiikot, upang bantayan ang daang patungo sa punungkahoy ng buhay.

-Ano ang ginawa ng Diyos upang hindi na makabalik sina Adan at Eba sa Halamanan ng Eden?

-Naglagay ang Diyos ng mga anghel na Querubin at isang nagniningas na tabak sa pasukan ng Hardin ng Eden.

-Bakit ginawa iyon ng Diyos?

-Ayaw ng Diyos na bumalik sina Adan at Eba sa Hardin ng Eden.

-Bakit ayaw ng Diyos na bumalik sina Adan at Eba sa Hardin ng Eden?

-Dahil sina Adan at Eba ay sumuway sa Diyos at nagkasala.

-Namatay ba sina Adan at Eba?



-Oo.

-Paano namatay sina Adan at Eba?
-Nahiwalay sina Adan at Eba sa Diyos.

-Nahiwalay sina Adan at Eba sa Diyos na nagbigay sa kanila ng buhay.

-Sina Adan at Eba ay hindi na makakasama ang Diyos.

-Sina Adan at Eba ay hindi na makakasamang mamuhay ng Diyos.

-Kinailangang mamuhay sina Adan at Eva na hiwalay sa Diyos.

-Ang Diyos ay banal.
-Ang Diyos ay hindi mabubuhay kasama ng kasalanan.

-Ang parusa ng Diyos sa kasalanan ay kamatayan.

-Sina Adan at Eba ang ama at ina ng lahat ng tao.

-Dahil namatay sina Adan at Eba, lahat ng tao ay namatay.

-Dahil si Adan at Eba ay hiwalay sa Diyos, lahat ng tao ay hiwalay sa Diyos.

-Ang Diyos ay banal.
-Ang Diyos ay hindi mabubuhay kasama ng kasalanan.

-Ang parusa ng Diyos sa kasalanan ay kamatayan.